

One Point Advice: Paghahanda para sa Lindol Tokai

PWEDE PA BANG GAMITIN ANG PERA?

東海地震に備えて（ワンポイント/アドバイス）～お金はつかえるの？～

Sakali mang magkaroon ng kalamidad, may mga pagkakataong maaaring masunog o matabunan at mawala ang ating mga bankbook, inkan o seal, cash card at iba pang pagpapatibay. May pagkakataon ding ang mga banko o post office ay mapinsalaan o tumigil ang computer system nito na nagpa-process ng ating balanseng deposito. Sa gayung pagkakataon, maaari nga ba tayong makapagwithdraw ng ating pera?

Sa naganap na HANSHIN AWAJI DAISHINSAI noong Enero, 1995, ang pamahalaan ay nagpatupad ng natatanging pamamaraan upang makapag-withdraw:

Sa paghahanda sa pagdating ng kalamidad, mangyaring gumawa ng 2 kopya ng mga instructions tulad ng bankbook (kopyahin ang page na nakatala ang inyong pangalan, account number, pangalan ng banko, sangay ng banko) at identification card (driver's license, passport o ano mang ID na may litrato ninyo) Ang isang kopya ay ilagay sa inyong dadalhin sa pagtakas na emergency bag para sa oras ng kalamidad. Samantala, ang isa pang kopya ay ipatago sa inyong kamag-anak na malayo sa inyong area. May mga di inaasahang pagkakataong mapapakinabangan ito.

Maaaring mapalitan sa banko o post office ang inyong mga nasunog o napunit na pera. Depende ito sa mga batayang sumusunod. Halimbawa, kung 2/3 o higit pa ang matitira sa nasunog o napunit na bill ay maaaring palitan pa ito ng buong presyo.

Ang mga salaping nangitim o di na mabasa dahil sa sunog ay maaaring dalhin sa banko para ipaeksamin. Kung makapasa ito, may posibilidad na mapalitan pa ito.

Kung masawi ang may-ari ng pera? Ang pera ay mananatiling nasa banko o post office lamang. May mga panuntunan na pwedeng hindi na rin ito mawithdraw. Subalit kung may naaayon sa batas na tagapagmana nito, ihanda at ipasa lamang ang mga kakailanganing dokumento na magpapatibay ng inyong relasyon bilang pamilya. Matapos na mapagtibay ito ay may karapatan kayong mawithdraw ang perang deposito.